TAGALOG

SEATTLE PUBLIC SCHOOLS (SPS) – ABISO PARA SA MGA KARAPATAN NA NASA ILALIM NG PAMPAMILYANG KARAPATANG PANG-EDUKASYON AT PRIBADONG BATAS (FERPA) at ang PUMILING IWASAN NA PORMULARYO

Sa ilalim ng Pampamilyang Karapatang Pang-edukasyon at Pribadong Batas (Family Educational Rights and Privacy Act) (FERPA), ang mga magulang ng mga mag-aaral na wala pang 18 taong gulang at mga mag-aaral na mahigit ng 18 taong gulang ("mga nararapat na mag-aaral") ay may ilang mga karapatan patungkol sa mga pang-edukasyong rekord ng mag-aaral. Kung ang mag-aaral ay 18 taon gulang na, kahit pa nakatira sa magulang/tagapag-alaga, ang mag-aaral ay may karapatan sa lahat ng nasa ilalim ng batas na ito. Ang mga karapatang ito ay:

(1) Ang karapatan na siyasatin at suriin ang rekord sa edukasyon ng mag-aaral sa loob ng 45 araw na makatanggap ng pasulat na kahilingan ang SPS.
(2) Ang karapatan na hilingin para baguhin ang rekord sa edukasyon ng mag-aaral na sa palagay ng magulang/tagapag-alaga o nararapat na mag-aaral ay hindi tama o nakalilito. Kung ang desisyon ng SPS ay hindi baguhin ang rekord, aabisuhan ng SPS ang magulang/tagapag-alaga o nararapat na mag-aaral ng tungkol sa desisyon at papayuhan sila ng kanilang karapatan na mag-bista tungkol sa kanilang hinihiling na pagbabago. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga paraan ng pag-abiso ay ibibigay sa magulang/tagapag-alaga o nararapat na mag-aaral kapag inabisuhan na ng karapatan sa bista.
(3) Ang karapatan na pahintulutan na ibunyag ang pansariling impormasyon na nasasaad sa rekord sa edukasyon ng mag-aaral, maliban sa saklaw ng FERPA na nagpapapayag na mabunyag kahit na walang pahintulot. Ang isang bagay na maaari itong ipakita kahit na walang pahintulot ay kung ipakikita sa isang opisyal ng paaralan na may lehitimong interes tungkol sa pag-aaral. Ang isang opisyales ng paaralan ay isang tauhan ng SPS gaya ng isang tagapamahala, superbisor, tagapagturo, o tagapagtaguyod na kawani (kasama na ang pangkalusugan o medikal na kawani at tauhan na nagpapatupad ng batas); magiging guro; isang tao na nagsisilbi sa Lupon ng Paaralan; isang tao o kompanya na kinuha ng SPS upang gawin ang espesyal na gawain (gaya ng abogado, awditor, tagapayong medikal, o taong dalubhasa sa paraan ng panggagamot); o isang magulang o mag-aaral na nagsisilbi sa isang opisyal na komite, gaya ng komite sa pagdidisiplina o hinanakit, o nakikipagtulungan sa ibang opisyal ng paaralan sa pagpapatupad ng kanilang mga gawain. Ang opisyal ng paaralan ay may makatwirang interes sa edukasyon kung ang opisyal ay nangangailangan na suriin ang edukasyonal na rekord upang matupad ang kanilang propesyonal na pananagutan. Kung hiniling, ipapahayag ng SPS ang rekord sa edukasyon ng walang pahintulot sa mga opisyal ng ibang paaralan na kung saan ang mag-aaral ay nais pumasok.
(4) Ang karapatan na magsampa ng karaingan sa Departamento ng Edukasyon ng U.S. ng tungkol sa paratang ng hindi pagtupad ng SPS na sumunod sa mga pangangailangan ng FERPA. Ang nakasulat na karaingan ay kailangang idirekta sa Family Policy Compliance Office, U.S. Department of Education, 400 Maryland Avenue. S.W., Washington, D.C. 20202.
Direktoryong Impormasyon: Sa ilalim ng FERPA, ang sumusunod na impormasyon ay ikinukunsiderang pampubliko o "direktoryo" na impormasyon at maaring ihayag sa kaninuman, kasama na ang media, mga kolehiyo at pamantasan, ang militar, mga grupong pangkabataan, at mga magbibigay ng iskolarsip, maliban kung sinabi mo sa SPS na ayaw mo na ibigay ang impormasyon: pangalan, tirahan, numero ng telepono, direksiyon ng e-mail, larawan, araw ng kapanganakan, mga araw ng pagpapatala, antas ng grado, katayuan sa pagpapatala, natapos o natanggap na gantimpala, medyor sa larangan ng pag-aaral, pagsali sa mga kinikilalang opisyal na mga gawain at pangkalakasang mga kuponan, taas at timbang ng manglalaro, pinakahuling pinasukang paaralan o programa, at iba pang impormasyon na hindi karaniwang kinukunsidera na makasasakit o pagsaklaw sa pagiging pribado kung isinaad.

Ang Pagbibigay ng Direktoryong Impormasyon para sa mga Mag-aaral na nasa Gradong Pre- Kindergarten hanggang Ika-walo (Pre-K-8)

Bilang magulang o tagapag-alaga ng isang mag-aaral sa pre-kindergarten, mag-aaral sa elementarya, o mag-aaral sa middle school ikaw ay may karapatan na pumili sa pagitan ng dalawang (2) pagpipilian kung alinman sa direktoryong impormasyon tungkol sa inyong mag-aaral ay ibibigay o hindi. Sa oras na makumpleto at maibalik ang pormularyo na ito, ang inyong pinili ay irerekord sa kompyuter at hindi babaguhin hangga't sa kayo ay gumawa at nagbigay ng bagong pormularyo. Paki-tsekan po ang isa sa mga kahon sa ibaba at ibalik ang pormularyo na ito sa paaralang pinapasukan ng inyong anak ng hindi lalagpas sa **ika-1 ng Oktubre**. Kung ang magulang/tagapag-alaga ay hindi tsinekan ang isa sa mga kahon o hindi ibinalik ang pormularyo na ito, isinasaalang-alang ng SPS na ang hindi pagsagot ay pagpayag para sa kahong A.

Para sa mga mag-aaral na nasa grado **Pre-Kindergarten hanggang Ika-walo (Pre-K hanggang 8)**:

Paki-markahan lamang po ang isang kahon:

A. ☐ Pinapayagan ko na ibigay ang nasa itaas na direktoryo ng impormasyon tungkol sa mag-aaral na nakapangalan sa ibaba.
B. ☐ **HINDI** ko pinapayagan na ibigay ang nasa itaas na direktoryo ng impormasyon tungkol sa mag-aaral na nakapangalan sa ibaba, naliban kung pinahintulutan ng batas.

Baligtarin para sa mga Lagda at Grado 9-12 na mga Pagpipilian

TAGALOG

Ang Pagbibigay ng Direktoryong Impormasyon para sa mga Mag-aaral na nasa Grado Siyam hanggang Labingdalawa (9-12)

Bilang magulang/tagapag-alaga ng isang mag-aaral sa haiskul o nararapat na mag-aaral (nakaabot na ng 18 taong gulang), kayo ay may karapatang makapili sa pagitan ng (3) na pagpipilian kung ang direktoryong impormasyon na patungkol sa inyong mag-aaral ay ibibigay o hindi. Sa oras na makumpleto at maibalik ang pormularyo na ito, ang inyong pinili ay irerekord sa kompyuter at hindi babaguhin hangga't sa kayo ay gumawa at nagbigay ng bagong pormularyo. Kung naibigay na ninyo ang pormularyong ito sa isang paaralang distrito habang nakatala sa kindergarten hanggang ika- walong grado, ang una ninyong pinili ay hindi mababago hangga't hindi ninyo nakukumpleto at nagbigay ng bagong pormularyo.

Hinihiling ng militar ng Estados Unidos at may karapatan sa mga pangalan, numero ng telepono, at direksiyon ng tirahan ng mga "mag-aaral sa sekundarya", maliban kung ang magulang/tagapag-alaga, o ang nararapat na mag-aaral ay nilagyan ng tsek ang kahong B o C sa haiskul na bahagi ng pormularyong ito. Karaniwang hinihiling ng militar ang impormasyong ito sa Oktubre ng bawat taon ng pasok. Kung ayaw mo na maihayag ang impormasyon sa militar, **kailangan** na matsekan mo ang kahong B o C at ibalik ang pormularyong ito ng o bago mag-**ika-1 ng Oktubre** ng masiguro na ang inyong nais ay mailagay agad. Kung ayaw ninyo na mapunta sa mga kolehiyo, mga pinagtratrabahuhan, mga grupo ng magulang, o sa militar ay kailangan mong matsekan ang kahong B.

Ang mga magulang at tagapag-alaga ng mga mag-aaral sa haiskul, at mga nararapat na mag-aaral ay hinihimok na tandaan ang paglalagay ng tsek sa Kahong B o C ay nangangahulugan na ang SPS ay hindi maglalabas ng impormasyon sa militar. Nguni't ito ay hindi mangangahulugan na ang militar ay hindi makakakuha ng impomasyon tungkol sa mag-aaral mula sa iba, na hindi galing sa paaralang distrito. Karagdagan pa, ang pagtsetsek ng Kahong B o C ay hindi makakapigil sa mga tagakalap ng militar na kausapin ang inyong mag-aaral kung ang tagakalap ay nasa kampus.

Paki-tsekan po ang isa sa mga kahon sa ibaba at ibalik ang pormularyo na ito sa paaralang pinapasukan ng inyong anak ng hindi lalagpas sa **ika-1 ng Oktubre**. Kung ang magulang/tagapag-alaga ay hindi tsinekan ang isa sa mga kahon o hindi ibinalik ang pormularyo na ito, isinasaalang-alang ng SPS na ang hindi pagsagot ay pagpayag para sa kahong A.

Para sa grado ng mga mag-aaral sa **Siyam—Labindalawa (9 hanggang 12)**:

Paki-markahan lamang po ang isang kahon:

A. ☐ Pinahihintulutan ko na ibigay ang lahat ng patungkol na impormasyon sa mag-aaral na nakapangalan sa ibaba.

B. ☐ **HINDI** ko pinahihintulutan na ibigay ang lahat ng patungkol na impormasyon sa mag-aaral na nakapangalan sa ibaba, maliban kung ipinag-utos ng batas. Walang impormasyon sa mga kolehiyo, mga grupo ng magulang, ang militar, o mga pinagtratrabahuhan.

C. ☐ Pinahihintulutan ko na ibigay ang lahat ng patungkol na impormasyon sa mag-aaral na nakapangalan sa ibaba, **maliban sa impormasyon na patungkol sa mag-aaral na ito ay HINDI maaring ibigay sa militar.**

Notisya para sa Karapatan na Magsampa sa Paghiling ng mga Pampublikong Talaan:

Alinsunod sa RCW 28A.320.160, ipinag-uutos na aabisuhan ng paaralang distrito ang mga magulang at tagapag-alaga na sila ay may karapatan na, sa ilalim ng Washington Public Disclosure Act (RCW 42.56) na hilingin ang pampublikong talaan tungkol sa dinisiplinang kawani ng distrito. Para makapagsampa ng paghiling sa pampublikong talaan sa SPS, ipadala ang inyong kahilingan, ng pasulat, sa: Office of the General Counsel, Attn: Public Records Request, SPS, MS 32-151; PO Box 34165, Seattle, WA 98124, o i-fax ang inyong kahilingan sa (206) 252-0111.

_____

PALIMBAG na isulat ang Buong Pangalan ng Pipirma

_____	_____	_____
PALIMBAG na isulat ang Buong Pangalan ng Mag-aaral	Araw ng Kapanganakan	Numero ng ID sa Paaralan ng Mag-aaral

_____	_____
Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga/Nararapat na Mag-aaral	Petsa

IBALIK PO KAAGAD ANG PAPEL NA ITO SA PAARALAN NG INYONG ANAK, PERSONAL MAN O SA PAMAMAGITAN NG KOREO ng U.S.

Kung kayo ay may mahigit pa sa isang mag-aaral, kailangan na ibalik mo ng bukod ang bawat pormularyo ng bawat mag-aaral sa kani-kanilang paaralan. Ang pormularyo na ito ay mananatili sa polder ng inyong anak sa kani-kanilang paaralan.

Binago Agosto 2008

TAGALOG

Agosto, 2008

Mga Haiskul na Mag-aaral:

Ang batas pederal ay nagbibigay sa iyo ng karapatan na pumili na alisin ang iyong pangalan, numero ng telepono, at tirahan na ibinibigay sa militar.

Kung **AYAW** mo na ibigay ng mga Seattle Public Schools (Pampublikong Paaralan ng Seattle) ang iyong impormasyon sa militar, paki-pirmahan ang pormularyo na ito at ibalik sa opisina ng iyong paaralan.

Ang pormularyo na ito ay KINAKAILANGANG maibalik ng hanggang sa ika-1 ng OKTUBRE, ng masiguro na ang iyong impormasyon ay hindi maibigay sa militar.

Ang pormularyo na ito ay para lamang sa pagbibigay ng impormasyon sa militar-kung ikaw o ang iyong pamilya ay ayaw na ibigay ang iyong impormasyon sa ibang tao, kinakailangang ibalik mo **RIN ang pormularyo ng pumili na alisin (ang pormularyo na "FERPA") na iyong natanggap sa unang araw na pakete**. Ang pormularyo na pumili na alisin ay iniuugnay rin sa pagbibigay ng impormasyon sa ibang tao, at ang pormularyo na iyon ay kailangang mapirmahan ng iyong magulang o tagapag-alaga (o ikaw, kung ikaw ay nasa edad na 18) para magkabisa.

Maaari mong ibalik ang pormularyo sa anumang oras, ngunit ang impormasyon ay karaniwang hinihingi at ibinibigay sa militar tuwing Oktubre ng bawat taon.

_____ _____

Pangalan ng Mag-aaral Petsa

_____

Lagda ng Mag-aaral